



Editoryal

Bigo ang Oplan Bantay Laya

Bigo ang Oplan Bantay Laya. Ito ang deklarasyon ng buong rebolusyonaryong kilusan batay sa mga pagtatasa at ulat ng mga namumunong organo ng Partido at kumand ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang rehiyon sa bansa.


Nasa mundo ng pantasya ang mga pinunong militar at panseguridad ng rehimeng US-Arroyo sa paniniwalang nagtagumpay sila sa mga layuning durugin ang rebolusyonaryo Pilipino sa pamamagitan ng Oplan Bantay Laya (OBL). Hindi lamang nananatiling buhay at matatag ang rebolusyonaryong kilusan, patuloy pa itong lumakas at lahatang-panig na sumulong. Lumaki ang bilang ng mga yunit ng BHB. Patuloy na dumami ang mga Pulang mandirigma at ang kanilang mga sandata. Nadagdagan ang bilang ng mga larangang gerilya. Lang lang lumalim at lumawak ang baseng masa. Tuluy-tuloy na kumakalat ang Pulang kapangyarihan sa buong bansa.

Nagdulot ang OBL ng walang kaparis na kapinsalaan, paghihirap at pagdurus sa mamayan. Parangunahing tinarget ng duwag na kampanyang ito ang mga sibilyang aktibista, mga pinagsususpectsahang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan at mga kaaway sa pulitika

ng rehimeng. Gayunman, nagtagumpay lamang ang OBL sa pagpapaalab ng galit ng bayan at pagkamuhi nila sa rehimeng. Pinanday lamang nito ang kanilang lakas at determinasyong kumilos at lumaban. Sa halip na ilayo, lalong inilapit ng OBL ang masa sa rebolusyon.

Kahindik-hindik ang mga krimen ng rehimeng US-Arroyo sa pagsasakuparan ng OBL laban sa mamayan. Dinaig nito ang 14-taong lantarang paghaharing militar ng diktadurang Marcos sa dami at lupit ng mga paglabag sa karapatang-tao. Mariing kinundena ang rehimeng US-Arroyo sa loob at labas ng bansa. Nagkaisa ang mga pwersang progresibo at demokratiko, ang mga taong-simbahan, tagapagtuguyod ng kapatang-tao, iba't ibang sektor at karaniwang mamayan laban sa terorismo ng rehimeng. Walang habas pa ring ipinagpapatuloy ng rehimeng US-Arroyo ang planong ito.

Tinamaan ang ilang larangang gerilya ng matinding hambalos ng OBL. Subalit mabilis ding nakaangkop ang mga rebolusyonaryong pwersa at masa. Masusing pinag-aralan ang kilos ng kaaway at inangkupan ang pagbabago ng sitwasyon. Pinahigpit ang pagkakaisa ng hukbo at masa. Sa maraming lugar, hindi nakabwelo at tuluyang nabigo ang mga operasyon ng AFP matapos ito maagap, mapangahas at puspusang nilabanan ng rebolu-



**Mga tampok
sa isyung ito...**

**Matitingkad na
taktikal na opensiba
ng 2009**
PAHINA 3

**Makata'y mandirigma
at UAve**
PAHINA 7

**Kalbaryo
ng mga magsasaka
sa E. Visayas**
PAHINA 13

syonaryong mamamayan, kasabay ng mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan.

Sumigla ang kolektibong pagkilos ng mamamayang biniktima ng OBL. Naglunsad sila ng mga sama-samang pagkilos at ginamit ang taktika ng organisadong ebakwasyon. Sa pamamagitan ng epektibong pagpopropaganda, nabunyag nila ang brutalidad ng OBL at mga paglabag sa karapatang-tao. Tulad sa Cagayan Valley at Surigao del Sur, nangahas silang magsalita sa radyo at ibang pampublikong laranangan upang ipahayag ang kanilang paninindigan laban sa militarasyon. Nakuha nila ang malawak na suporta sa loob at labas ng mga komunidad hanggang sa pambansang saklaw.

Mapangahas nilang hinarap ang mga heneral at iba pang upisyal-militar sa kanilang mga lugar. Nag-ingay sila at gumamit ng mga instrumentong ligal sa paglaban hanggang sa mapilitan ang mga korte at mga ahensya ng rehimen na harapin ang kanilang mga hining at pawalambisa ang mga gawangkasong paninikil sa kanila. Sa maraming kaso, napalayas nila ang mga nag-ooperasyong militar.

Kasabay ng paglaban ng bayan, sistematiskong pinagplanuhan ng mga namumunong komite ng Partido sa antas ng rehiyon, prubinsya at larangang gerilya ang pagsusulong ng armadong pakikibaka laban sa OBL 1 at OBL 2. Pinangibabawan ang problema ng gerilyaismo tulad sa Southern Tagalog. Ginamit ang taktika ng pagkokonsentra at dispersal at kinoordina ang kilos ng iba't ibang yunit ng BHB. Pinakilos ang mga sangay ng Partido, mga milisyang bayan at mga organisasyong masa. Pinakawalan ang kanilang inisyatiba at pagkamapanlikha sa pagharap sa pagdumog ng kaaway.

Naging matagumpay ang paglunsad ng mga taktikal na opensiba. Katulad sa Southern Mindanao Region (SMR), ipinamalas ng BHB ang kakayahang maglunsad ng sustenidong mga taktikal na opensiba bilang kontra-atake laban sa mga kampanya ng kaaway. Noong Abril-Mayo 2008, bilang pagharap sa opensiba ng AFP sa buong rehiyon, naglunsad ang BHB ng 76 na mga taktikal na opensiba. Nagdulot ito ng laking kumppanyang kaswalti sa mga pwersa ng 10th ID at nakaagaw ng mga sandata na pwedeng

mag-armas ng isang regular na platan.

Sa buong bansa, nagawa ng BHB na maglunsad ng isa hanggang dalawang taktikal na opensiba bawat araw. Pinatatampok nito ang kabiguan ng OBL 2. Ipinakikita nito ang direksyon ng tuluy-tuloy na paglakas ng rebolusyonaryong kilusan.

Sa pagtatapos ng OBL 2 na nakatakda sa pagtatapos ng termiño ni Gloria Arroyo, asahang lalo pang magiging desperado ang naghaharing rehimen at sasahol ang pandarahas laban sa bayan. Isinasawa ngayon ni Arroyo ang mga desperadong hakbangin para makapangunyapit sa poder at isalba ang sarili sa paniningil ng bayan sa marami na niyang mabibigat na krimen.

Sa kabilang banda, tinatamasa ng hukbong bayan at rebolusyonaryong kilusan ang malawak na suporta ng mamamayan. Dapat higit pang sagpangin ng rebolusyonaryong kilusan ang mga kahinaan ng naghaharing papet na reaksyunaryong rehimen at estado sa pamamagitan ng paglulunsad ng mas marami at abante pang mga taktikal na opensiba. Dulutan ng maraming suntok sa katawan at bigwas sa ulo ang nanghihina nang rehimen at bulok na naghaharing sistema.

Puspusang isulong ang lahatang-panig na pagpapalakas ng Partido, hukbong bayan at buong rebolusyonaryong kilusan. Palawakin pa ang mga larangang gerilya upang masaklaw ang mas marami pang distrito sa kanayunan, makapagtatag ng relatibong istable nang mga baseng erya at palawakin ang saklaw ng mga organo ng rebolusyonaryong kapangyarihang pampolitika. Isulong ang pakidigmang gerilya batay sa higit na pagsisinsin at pagpapalawak ng baseng masa at dalhin ito sa panibago at mas mataas na antas. **AB**

ANG Bayan

Taon XL Blg. 24 Disyembre 21, 2009

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal:

Bigo ang Oplan Bantay Laya	1
Matitingkad na TO ng 2009	3
Mga TO sa Disyembre	5
Sampal sa imperyalismong US	5
Makata'y mandirigma at UAve	7
9 na taong mga paglabag	8
Kabuktutan ng Proc. 1959	9
Maiiksing balita ng mga paglabag	10
Libong mamamayan, nagrali	11
Nakaw na yaman ng mga Ampatuan	11
Kalbaryo ng mga magsasaka sa EV	13
Climate change sa Denmark	14

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas



Ang matitingkad na taktikal na opensiba ng 2009

Noon pa mang unang hati ng taon ay malinaw nang bigo ang enggrandeng kampanyang Oplan Bantay Laya (OBL) ng rehimeng US-Arroyo. Mismong si AFP Chief Gen. Victor Ibrado ang umaaming bigo silang kamtin ang itinakdang target ni Gloria Arroyo na durugin ang rebolusyonaryong kilusan bago matapos ang kanyang termino sa 2010. Alam niyang hindi ganoon kadaling lupigin ang apat na dekadang armandoong rebolusyonaryong kilusan sa bansa na pinamumunuan ng Partido.

Alam din niya na habang ikinokonsentra ng militar at pulisia ang mga pwersa nito sa iilang limitadong lugar sa bawat takdang panahon, taglay naman ng BHB ang lubos na inisyatiba sa ibang lugar sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba tulad ng reyd, ambus, aksyong sabotahe, isnayp at pang-aareste.

Batay sa parsyal na mga ulat, ang BHB ay nakapaglunsad mula Disyembre 2008 hanggang Nobyembre 2009 ng di bababa sa 92 taktikal na opensiba sa buong bansa, na karamiha'y sa anyo ng ambus (49) at reyd (20). Mas mataas pa ang bilang na ito kung isasama pa ang mga aksyong pang-aaresto, pagparusa at pagsabotahe.

Sa kabilang banda, sa hindi inaasahang mga engkwentro at depensibong labanan, nagawang magaw ng BHB ang inisyatiba sa kaaway at makasamsam ng mga sandata.

Nakaagaw ang BHB ng di bababa sa 213 armas kabilang ang mga masinggan tulad ng FM Minimi at M60 *light machine gun*, M203 *grenade launcher* at iba pang kagamitang militar tulad ng mga bala, radyong pangkomunikasyon at GPS (Global Positioning System.)

Sa naganap na mga labanan, nagtamo ang mga kaaway ng di bababa sa 231 patay at 176 na sugatan. Anim ang nabihag ng BHB. Sa


kabilang banda, apat na Pulang mandirigma ang magiting na nagalay ng kanilang buhay sa mga labanang ito.

Sumusunod ang ilan sa matitingkad na taktikal na opensiba ng BHB mula Disyembre 2008 hanggang Nobyembre 2009:

Disyembre 22, 2008. Naghakot ng labingwalong armas (18) ang mga Pulang mandirigma ng Front 21 ng Northeastern Mindanao Region (NEMR) sa sabayan nilang pagsalakay sa himpilan ng pulisia sa bayan ng Tubay, Agusan del Sur at sa San Roque Metals Inc. (SRMI). Kinabibilangan ito ng 10 rip leng M16, tatlong *shotgun*, tatlong .38 na rebolber, dalawang pistolang 9 mm, isang kal. 45 at isang kal. 22 na rebolber. Sinamsam din

nila ang dalawang VHF na radyo. Isang pulis ang napatay at isa pa ang nasugatan nang manlaban ang mga ito. Samantala, anim na *heavy equipment* ng SRMI ang sinunog ng BHB na nagkakahalaga ng milyun-milyong piso bilang parusa sa kumppanya sa pagwasak nito sa kalikasan at sa kabuhayan ng mga Lumad, manggagawa at mamamayan dahil sa operasyong pagmimina ni-to.

Enero 3, 2009. Sa Southern Tagalog, nagulantang ang kaaway nang umalingawgaw malapit sa pambansang kabisera ang panambang ng mga gerilya ng Narciso Antazo Aramil Command ng BHB-Rizal sa 418th Provincial Police Mobile Group (PPMG). Isa ang napatay at isa ang nasugatan sa mga pulis nang tamaan ng *command-detonated explosives* (CDEX) ang sinasakyan nilang *patrol car* sa Sityo Calumpit, Barangay Macabud, Rodriguez, Rizal. Nilapatan ng pauhang lunas ang isang nasugatang pulis bago ito ipinadala sa ospital.





MATATAGUMPAY NA OPENSIBA NG BHB

Sinamsam ng mga Pulang mandirigma ang 12 armas ng mga pulis na kinabibilangan ng anim na M16, tatlong pistolang 9 mm at tatlong pistolang kal. 45. Nabihag ang tatlong pulis at pagkaraan ng 83 araw ay pinalaya sila ng hukumang bayan at ipinasa ng isang *custodial unit* ng BHB noong Marso 27 sa mga kinatawan ng International Committee of the Red Cross at kina Sen. Jamby Madrigal at Bishop Gabriel Reyes ng dyosesis ng Rizal.

Enero 22. Sa Bikol, nagtamo ang kaaway ng 16 na kaswalti (walong patay at walang sugatan) sa reyd na isinagawa ng mga mandirigma ng Nerissa San Juan Command sa detatsment ng Philippine Army at CAFGU sa Barangay Poot, bayan ng Pandan, Catanduanes.

Enero 31. Dalawampung troopa (20) ng 53rd IB ang napatay sa ambus na inilunsad sa Sityo Lakanpan, Barangay Gibo, Siason, Zamboanga del Norte ng Front Feliciano ng BHB sa Western Mindanao Region.

Pebrero 15. Naglulunsad ng "clearing operations" ang isang platoon ng Scout Rangers kasama ang apat na sundalong Amerikano nang tambangan sila ng mga Pulang gerilya ng Celso Minguez Command sa Barangay Batang, bayan ng Irosin, Sorsogon. Nagtamo ng 12 patay at walang sugatan ang Scout Rangers nang masabugan ng CDEX. Kasalukuyan noong naghahanda ang AFP at mga tropang Amerikano para sa 2009 US-RP Balikatan Exercises sa Bikol.

Marso 1. Sa North Central Mindanao Region (NCMR), anim ang napatay at tatlo pa ang nasugatan sa ambus na inilunsad ng BHB sa Sityo Tinopongan, Barangay Sta. Cruz, ba-



yan ng Quezon, Bukidnon. Kabilang sa napatay si 1Lt. Ricardo Naguiat, kumander ng 29th IB. Nakasamsam ang BHB ng apat na M16.

Mayo 19. Muli, sa Bikol, labing-isang (11) armas na kinabibilangan ng limang karbin, apat na Garand, isang M14 at dalawang pistolang kal. 45 ang nakumpiska ng mga Pulang mandirigma nang salakayin nila ang detatsment ng 22nd IB sa Barangay Lubigan, Jr., bayan ng Sipocot, Camarines Sur. Naagaw nila ang kampo ng kaaway nang tumalilis sa labanan ang mga sundalo ng Philippine Army at CAFGU.

Mayo 29. Sa Eastern Visayas, nadagdagan ng walong malalakas na armas ang arsenal ng BHB sa Northern Samar nang masamsam ang anim na M16, isang M14 at isang M203 *grenade launcher* at mga bala sa reyd sa detatsment ng AFP na inilunsad ng mga Pulang mandirigma ng Rodante Urtal Command sa Barangay Polangi, bayan ng Catarman, Northern Samar.

Agosto 9. Sa Southern Mindanao Region (SMR), walang putok na kinumpiska ng mga kasapi ng Armando Dumandan Command ng BHB ang 15 riple sa limang-minutong reyd sa detatsment ng 72nd IB sa Barangay Napungas, Asuncion, Davao del Norte. Nasamsam ang anim na M14, walang Garand, isang M16 at ang radyong pangkomunikasyon ng *patrol base*. Naging madali ang pagpasok sa detatsment nang mabihag sa isang tsekpoyn ng mga Pulang mandirigma ang isang sарhento ng Philippine Army, na kumander din

ng detatsment sa kabilang barangay. Walang nasaktang sundalo at mga myembro ng paramilitar dahil hindi sila lumaban.

Pinalaya naman ang sарhento makaraan ang ilang linggo.

Agosto 30. Sa Eastern Visayas, sampung awtomatikong riple—apat na M14, apat na M16 at dalawang karbin—ang hinakot ng mga Pulang mandirigma ng Arnulfo Ortiz Command nang salakayin nila ang detatsment ng CAFGU sa Sityo Cambabang, Barangay Cogon, bayan ng Basey, Samar.

Nobyembre 2. Sa SMR pa rin, sa kabilang panunuya ng kaaway ay nalansi pa rin sila ng BHB nang mapasok ang *patrol base* ng 72nd IB sa Sityo New Kapatagan, Barangay Casoon, Monkayo, Compostela Valley. Nakalapit ang BHB sa detatsment gamit ang uniporme ng Special Forces. Huli na nang matanto ng kaaway na nautakan sila ng mga kasapi ng 4th Pulang Bagani Company ng Merardo Arce Command ng BHB. Mabilis na inaresto ang kumander ng detatsment na si Cpl. Dominador Alegre at dinisarmahan ang mga elemento ng CAFGU rito. Nasamsam nila ang 18 armas na kinabibilangan ng 10 Garand, limang karbin, dalawang M16 at isang M14. Kinumpiska rin ang isang radyong ICOM, mga bala at uniporme. Binihag nila si Corporal Alegre at pinalaya pagkatapos ng ilang linggo.

Nobyembre 11. Muling naghakot ng 18 armas ang mga gerilyang bayan sa NEMR nang salakayin nila ang *compound* ng Surigao Development Corporation (SUDECOR) at disarmanahan ang mga elemento ng Special Civilian Armed Auxiliary (SCAA) na nagbabantay sa malaking kumpanya sa pagtotroso. Nagtangkang sumaklolo ang mga pwersang militar, pulisa at paramilitar ngunit sa daan pa lamang patungong SUDECOR ay tinambangan na sila ng BHB. Umabot sa 20 elemento ng kaaway ang napatay at lima ang nasugatan sa labanang ito.

AB



Mga taktikal na opensiba sa buwan ng Disyembre


Isang upisyal ng militar ang kabilang sa 14 na napatay habang hindi bababa sa 15 ang nasugatan sa mga labanang naiulat nitong Disyembre. Nakasamsam din ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) ng 17 armas at iba pang kagamitang militar.

Labintatlong armas, kabilang ang apat na malalakas na rifle ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma sa isang walang putok na reyd sa istasyon ng Philippine National Police sa San Narciso, Quezon nitong Disyembre 20. Nalansi ang mga pulis nang magpanggap na mga sundalo ng Philippine Army ang mga gerilya ng BHB. Katatapos lamang ideklara ng AFP na nalimas na raw ang BHB sa San Narciso.

Dalawa ang napatay at tatlong iba pa ang nasugatan sa mga elemento ng Citizen Armed Force Geographical Unit (CAFGU) nang lusubin sila ng mga Pulang mandirigma ng Front 15 sa Barangay Sibajay, Boston nitong Disyembre 18. Nananghalian ang

mga pwersang paramilitar nang salakayin sila ng mga gerilyang sakay ng dalawang *dump truck*.

Sa Bicol, napatay si 2Lt. Michael Angelo Quibuyen, kumander ng Casay Detachment ng Philippine Army 49th IB at isa pang sundalo nang makasagupa sila ng mga gerilya ng Celso Minguez Command sa



Barangay Tigkiw, Gubat, Sorsogon noong umaga ng Disyembre 14.

Nagmamaniobra noon ang isang yunit ng BHB para makaiwas sa malaking operasyong militar nang makasagupa nila ang mga persistang tropa. Ang mga Pulang mandirigma ang unang nakapagputok. Sa laking kahihyan ng militar, tinabunan nila ng trapal ang kanilang mga kaswalti at ipinagkalat na mga Pulang mandirigma ang mga ito. Gayunman, nakilala pa rin ng taumbaryo kung sino ang dalawang napatay.

Sa Samar, napatay ang dalawang elemento ng Philippine Army nang makaengkwentro nila ang mga Pulang mandirigma ng BHB sa Barangay Binanggaran, Calbiga noong Disyembre 10.

Noong araw ding iyon ay napatay ang isang *radio operator* ng Alpha Coy ng 82nd IB nang tangkain ng yunit-militar na ito na salakayin ang isang platan ng BHB sa ilalim ng Napoleon Tumagtang Command ng BHB sa Sityo Bayong, Barangay Manampunay, Leon, Iloilo.

Samantala, ayon sa pinakahuling ulat-korespondensya mula sa larangan, pito at hindi tatlo ang bilang ng mga sundalong napatay nang tambangan ng mga Pulang mandirigma ng Conrado Heredia Command ng BHB ang mga elemento ng Alpha Coy ng 25th IB sa Sityo Paraiso, Dinalwal, Monkayo, Compostela Valley noong Disyembre 3. Ayon kay Ka Roel Agustin II, tagapagsalita ng kumand, nakasamsam sila ng isa na namang FM Minimi *light machine gun*, dalawang M16, isang pistolang kal. 45 at mga kagamitang militar. Di rin bababa sa 12 ang mga sundalong nasugatan. Nauna nang naiulat sa AB na apat ang nasugatang mga tropang militar.

Isang sampal sa imberyalistang US

Isa na namang sampal sa imberyalismong US at tuta nitong rehimeng Arroyo. Ito ang reaksyon ng Partido Komunista ng Pilipinas at National Democratic Front of the Philippines nang tuluyan nang alisin si Ka Jose Ma. Sison sa listahan ng mga terorista ng European Council noong Disyembre 10.

Naging pinal na ang desisyon ng General Court of the European Union nang hindi na nag-apela ang European Council sa naunang desisyon ibinaba noong Setyembre 30. Anang Court of First Instance, si Sison ay hindi man inimbestigahan, nilitis o nahatulan sa anumang korte sa gawaing terorismo.

Isinama si Ka Joema sa listahan ng mga terorista ng European Council noong 2002 batay sa malakas na impluwensya noon ng guvernong US at ng rehimeng Arroyo. Ayon sa PKP, signipikante ang panibagong tagumpay ni Ka Joema para sa nagpapatuloy na pakikibaka ng mga rebolusyonaryong pwersa at ng mamamayan sa mundo laban sa pandaigdigang teroristang gera ng US at mga tuta ni-to.

AB

Kultura ng pagbabago

Dalawang dulang musical ang kuminang sa entablado ng kulturang makamasa at makabayan nitong nakaraang mga linggo. Itinanghal noong Nobyembre 30 sa University of the Philippines Theater ang *Makata'y Mandirigma, Mandirigma'y Makata* at ang *UAve* naman ay ipinalabas noong Disyembre 11-13 sa Marikina at sa University of the Philippines Aldaba Hall.

Ang pagtatanghal ng *Makata'y Mandirigma* ay bahagi ng paggunita ng ika-45 anibersaryo ng pagkatatag ng Kabataang Makabayan at pagpupugay sa 50 taong paglipilingkod sa sambayanan ni Kasamang Jose Maria Sison. Sa pamamagitan ng tula, awit at presentasyong biswal, inilahad dito ang buhay nina Ka Joema at Ka Ador, kapwa mga aktibista, makata at detenidong pulitikal.

Halaw sa tula ni Ka Joema na "Ang Mandirigma'y Tulad ng Makata" ang titulo at balangkas ng duala. Isinalaysay sa mga kwento nina Ador at Joema ang kasaysayan ng bagong demokratikong rebolusyon at ang pananatili nitong buhay at sumusulong sa kasalukuyang panahon.

Tampok sa *Makata'y Mandirigma* ang pagtatatag ng Kabataang Makabayan habang lumalalim at lumalawak ang pag-oorganisa ng mga sektor ng manggagawa, mag-sasaka, estudyante, taong-simba-

han at propesyunal noong magagang bahagi ng dekada 1960. Inilarawan nito kung paano nailuwal ang armadong pakikibaka mula sa pagkakaisa at determinasyon ng bagong tatag na Partido Komunista ng Pilipinas. Ipinakita ang kalituhan at mga paglihis na umuk-ok sa rebolusyonaryong kilusan na sistematikong hinarap mula noong Unang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Kinatawan ng mga karakter mula sa iba't ibang sektor ang samutsaring kwento ng mga ordinaryong tao na hinubog ng kasaysayan, naimpluwensyahan at sumuporta o umanib sa rebolusyon. Nariyan ang isang sundalong natutong tumula; isang estudyante na namulat sa pakikisalamuha sa masang anakpawis at naging magiting na kumander ng Bagong Hukbong Bayan (BHB); dalawang babaeng nagpunyagi sa masalimuot na pakikibaka; at isang naulilang anak ng namartir na mga mandirigma na nagpasyang sumapi

rin sa BHB.

Mga kwento ng ordinaryong mamamayan din ang tampok sa dulang *UAve* na kolektibong nilikha ni Rommel Rodriguez at ng organisasyong pangkultura na Sining na Naglilingkod sa Sambayanan (Sinnagbayan). Sa dulang ito, ipinakita ang pagkakaugnay ng sektor ng mga estudyante sa iba pang sektor sa lipunan.

Hinabi sa *UAve* ang mga kuento ng naghihirap na mamamayan sa kalunsuran at kanayunan, ang kani-lang masalimuot na relasyon sa isa't isa, ang banggaan at sa kalauña'y pagkakaisa ng iba't ibang pagtingin at pag-unawa.

Isa sa mga kwento rito ang pakikipagsapalaran ng isang lider-manggagawa at kanyang anak na baguhang estudyante sa *UAve*. Ang pagkamulat ng kabataan at pakikisalamuha nila sa pinagsasamantalaan at inaaaping sektor para makakuha ng makabuluhang mga aral na humantong sa kapit-bisig na paglaban, pagharap sa dahas ng reaksyunaryong awtoridad at pag-saksi sa pag-aalay ng buhay ng amang lider-manggagawa sa piket-layn ay salaysay ng mahigpit na pagbubuklod ng pinagsasamantalaan at inaaping uri upang makibaka.

Larawan ng patuloy ding pagkamulat at kapasyahang lumaban ang mga karakter ng mga mag-aaral na datiy' walang kibo subalit kalauna'y kumilos; isang dyanitor na nakakabisa sa mga pangayari sa *UAve*; isang gurong progresibo at kabiayak ng isa pang gurong *desaparecido*; at isang inang konserbativo pero sa kalauña'y pumanig sa kanyang estud-

MAKAIA Y MANDIRIGMA MANDIRIGMA Y MAKATA



UAve



yanteng anak sa pagpoprotesta.

Mahusay at kahanga-hangang itinanghal ng mga artista kapwa ang *Makata'y Mandirigma* at *UAve*. Samutsari ang mga eksenang umantig sa mga puso at humimok sa isipan ng mga manonood. May mga tagpong nagpatawa, nagpaiyak, nagpagalit, pumukaw at nagpapalakpak sa tanghalang napuno ng mga manonood.

Magkaiba man, parehong inilarawan ng mga ito ang mga tagpo at usapin sa pamilya, pag-ibig, pagkakaibigan, pangangarap, pagkalito, pagpasya, sakripisyo at paninindigan—mga pagsibol, mga pagsulong, mga kahinaa't pagkadapa, mga pagtanto at muling pagbangan.

Kahanga-hanga rin ang ginamit na musika, galaw at kulay ng parehong dula: Sa *Makata'y Mandirigma*, pinagyaman pa ang ilang klasikal na rebolusyonaryong kanta ng orihinal na likhang musikang sinaliwan ng gitara at *piano*. Gamit ang kompyuter, sinaliwan ng iba pang instrumento ang mga tugtog at nalikha ang tunog na animo'y hatid ng isang orkestra.

Sa pagsasanib naman sa martsa ng protesta ng *blues* at *hiphop*, naging kaindak-indak ang musika ng *UAve* at humikayat sa sabayang pakikisayaw ng mga manonood sa loob ng teatro.

Bilang pagpapakita na hindi dapat natatapos ang lahat sa loob ng teatro, sinalubong ng mga nagtanghal ang mga manonood paglabas nila, nagpasalamat at inanyayahan silang ipagpatuloy ang pakikihamok. Inilarawan ng mga simpleng aksyong ito ang halaga ng konsolidasyon at pagtanaw sa mga hinaharap pang laban pagkatapos ng matagumpay na aksyong masa. **AB**

Balikatan sa Ilocos-Cordillera, binatikos

Mariing binatikos ng Chadli Molintas Command (CMC) ng BHB sa Ilocos-Cordillera Region ang paglulunsad ng US-RP Balikatan Exercises sa mga lalawigan ng Ilocos Sur, Mountain Province at Abra sa darating na 2010. Ayon sa CMC, malinaw na interbensyon militar ang gagawin ng mga tropa ng US sa bansa. Pagyurak din ito sa soberanya at integridad ng bansa bunga ng kasabay nitong matinding militarisasyon sa kanayunan at pang-aabuso ng tropa ng US sa mamamayan.

Inianunsyo noong Hunyo ng noo'y DND Secretary Gilbert Teodoro at ni Deputy National Security Adviser Luis "Chavit" Singson ang paglulunsad ng Balikatan Exercises sa Ilocos Sur. Aabot sa 1,500 sundalo ng US ang lalahok sa nasabing pagsasanay-militar sa Pebrero 2010.

Kaugnay nito, naglunsad noong Setyembre ng *clearing operations* ang mga tropa ng 50th IB sa ilang barangay sa bayan ng Salcedo sa Ilocos Sur kasabay ng pagbisita ng ilang upisyal ng militar ng US para mag-inspeksyon sa lugar. Noong Nobyembre 11 ay muling bumisita ang ilang upisyal ng US sa mga bayan ng Salcedo at Sta. Cruz sa nasabi ring lalawigan.

Inianunsyo rin ng hepe ng 50th IB na si Lt. Col. Rogelio Miguez na darating na ang tropa ng US sa Enero 2010. Sinabi naman ni Sgt. Hernani Garcia ng 503rd Bde na pangunahing diin ng pagsasanay ang mga kapatagan at bulubunduking lugar sa unang distrito ng Ilocos Sur. May pagsasanay ding ilulunsad sa hangganan ng Mountain Province at Abra kung saan pinaniniwalaang mala-kas ang impluwensiya ng BHB, dagdag pa ni Garcia.

Binatikos ng CMC ang rehimeng Arroyo at AFP dahil sa paglalarawan na misyon pagkawanggawa ang interbensyon militar na ito ng US. Tatabingan ang pagsasanay-

militar na ito ng paglulunsad ng mga *medical action programs* (MED-CAP) at *engineering civic action programs* (ENCAP). Pero ayon sa CMC, sa esensya, ang Balikatan ay panghihimasok ng US at marahas ang katangian. Ayon sa ilang upisyal ng rehimeng Arroyo, iginigiit ng AFP ang paglalakip ng mga misyon kombat sa Balikatan 2010 sa kabilang mariing pagtutol ng mga upisyal ng lokal na gubyerno at ng mamamayan.

Ang Balikatan Exercises ay tau-nang isinasagawa ng mga gubyerno ng US at Pilipinas sa balangkas ng tagibang na mga kasunduang kagaya ng Mutual Defense Treaty noong 1951 at Visiting Forces Agreement (VFA) noong 1999. Anang CMC, wala ng dadaig sa papet na rehimeng Arroyo sa masugid na implementasyon at lubhang baluktot na interpretasyon sa mga tagibang na kasunduang ito ayon sa kanilang pangangailangan.

Ang ganitong relasyon ay kapi-ki-pakinabang kapwa sa rehimeng Arroyo at sa amo nitong imperyalista. Sa isang banda, pwede na muling magbase sa Pilipinas ang imperialismong US gamit ang di hamak na mas maliit na puhunang pampulitika at pang-ekonomya kaysa kung magmantine ito ng aktwal na mga base militar. Sa kabilang banda, natitiyak ni Arroyo ang patuloy na pagtangkilik ng US sa kanyang tiwili at brutal na rehimen. **AB**



9 na taon ng rehimeng Arroyo

Pinakamadugo, pinakabrutal na mga paglabag

Pinakamadugo at pinakabrutal ang rehimeng US-Arroyo sa dami ng mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao. May kabuuang 1,118 na ang naitalang mga biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang sa loob ng walang taon at 10 buwang paghahari nito.

Ito ang pahayag ng KARAPATAN kaugnay sa paggunita sa panganigdigang araw ng karapatang-tao noon Disyembre 10.

Nito lamang Enero hanggang Oktubre 31, umabot na sa 77 ang biktima ng ekstrahudisyal na pamamaslang. Kung idadagdag ang 57 nahukay na mga bangkay ng mga biktima ng masaker sa Maguindanao noong Nobyembre 23, aabot ito sa 134. May naitala ring 204 na biktima ng pagdukot at 1,026 biktima ng tortyur. Ilampung libo pa ang nakaranas ng pwersahang paglikas at pagkabu-

labog dahil sa tuluy-tuloy na mga operasyong militar sa kanayunan.

Dumarami ang mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao dahil sa disenyo ng Oplan Bantay Laya na tumatarget di lamang sa armadong rebolusyonaryong kilusan kundi mga ligal at demokratikong organisasyon, midya at oposisyon pampolitika, at kahit simpleng kritiko lamang ng tiwaling pamamalakad ni Gloria Arroyo. Ito'y dahil sa paghahabol ng rehimeng sa dedlay nitong durugin ang mga armadong rebolusyonaryong pwersa bago matapos ang

termino ni Arroyo sa Hunyo 2010.

Sa kabilang ng walang pakundangang pandarahas ng kontra-mamayan at kontra-rebolusyonaryong kampanyang OBL, walang naparurusahan sa mga salarin. Ang gayong palakad ng rehimeng Arroyo ang siyang naglatag ng daan para maganap ang karumal-dumal na masaker sa Maguindanao.

Sa ilalim ng OBL ay ipinatutupad ang rekrutment para sa mga grupong paramilitar tulad ng Citizen Armed Force Geographical Unit (CAFGU), Special Civilian Armed Auxiliary (SCAA) at Civilian Volunteer Organization (CVO) at mga pribadong hukbo ng mga *warlord*. Sinasanay sila at inaarmasan ng militar at pulisya bilang mga dagdag na pwersang panlaban sa BHB at MILF. Ang mga pwersang paramilitar na ito ang siya ring tagaprotekta ng mga alyado ni Arroyo tulad ng mga Ampatuan. **AB**

312 na ang biktima ng masaker sa ilalim ng rehimeng Arroyo

Umaabot na sa 312 ang biktima ng masaker sa ilalim ng rehimeng Arroyo matapos paslangin ang 57 sa makaser sa Ampatuan, Maguindanao noong Nobyembre 23. Ayon sa KARAPATAN, 255 na ang biktima ng masaker sa 51 magkakahiwalay na insidente mula Enero 1, 2001 hanggang Setyembre 30, 2009 bago pa man mangyari ang masaker sa Maguindanao. Itinuturing na masaker ang insidente ng pamamaslang kapag tatlo o mahigit pa ang mga biktima.

Ayon sa KARAPATAN, babae ang 42 sa mga biktima ng masaker habang 40 naman ang menor-deedad. Bukod pa ito sa mga biktima sa Maguindanao, kung saan 21 ang bilang ng mga babaeng pinaslang.

Pinakamaraming biktima ng mga masaker ay nagsmula sa Autonomous Region of Muslim Mindanao (47 biktima); Southern Mindanao Region at Central Luzon (tig-

30 biktima); National Capital Region (29 biktima); Southern Tagalog (27 biktima); at Eastern Visayas (25 biktima). Pitumpu sa 255 na mga biktima ay mga magsasaka. Apatnapu naman ay mga Moro at 21 ay mga manggagawa.

Pinakahuli sa mga masaker na naitala ng KARAPATAN bago ang masaker sa Maguindanao ang pagpaslang sa anim na myembro ng

pamilyang Suarez noong Abril 9, 2009 sa Sityo Kamanikan, Barangay Malinao, Gingoog City, Misamis Oriental. Kabilang ang dalawang-buwang sanggol na anak ng mag-asawang Suarez sa ginantihan ng mga elemento ng paramilitar na Bungkatol Liberation Front (BULIF) ilang araw matapos magtamo ng mga kaswalti ang militar sa kamay ng Bagong Hukbong Bayan.

Kabilang sa pinakakarumal-dumal na mga masaker na naganap sa ilalim ng rehimeng Arroyo ang masaker ng 14 katao sa Hacienda Luisita noong Nobyembre 16, 2004; siyam katao sa Kananga, Leyte noong Abril 16, 2003; at siyam katao sa Palo, Leyte noong Nobyembre 21, 2005.

Wala pang kahit isang naparurusahan sa mga krimeng ito. **AB**




Kabuktutan ng Proclamation 1959

Bigla na lamang inianunsyo ng Malacañang ang pagtatapos ng Proclamation 1959 o batas militar sa Maguindanao noong Disyembre 12 isang linggo makaraang ipataw ito. Binawi ang batas militar sa gitna ng matindi at malawak na pagbatikos at mabibigat na pagkwestyon sa ligalidad nito sa Senado, sa pinagsanib na kapulungan ng Kongreso at sa Korte Suprema. Ang pagbawi ay ginawa ni Gloria Arroyo bago siya tumungo sa isang pagpupulong ng United Nations sa Copenhagen, Denmark. Iniwasan niyang mapupog pa rin siya ng mga batikos hanggang doon.

Inasahan ng rehimeng Arroyo na sa pagtatapos ng batas militar sa Maguindanao ay huhupa na ang mga batikos at hindi na kailangang matuloy pa ang mga ligal na proseso at paghusga sa ginawa nito. Tuisong taktika na ng rehimeng Arroyo ito tuwing may hakbangin itong umaani ng matindi at malawakang batikos at mahirap ilusot sa korte at iba pang prosesong ligal.

Gayunpaman, nagdeklara pa rin ang Senado na iligal at labag sa konstitusyon ang ipinataw ni Arroyo na batas militar sa Maguindanao. Ipinagpatuloy pa rin ang mga pagbatikos at debate sa pinagsanib na kapulungan ng Kongreso. Pero dahil mas tumampok ang katwiran ng mga tumututol at may mga alyado na rin ang rehimeng na sumama sa pagtutol sa proklamasyon, pinigilan ng mga maka-Arroyo na Speaker at Senate President ang pagboto ng kapulungan. Kahit natapos na ang tatlong araw na pagtalakay ng Kongreso sa proklamasyon, pinapaliwanag pa rin ng mga oposisyonistang kongresista si Arroyo sa



batayan ng kanyang hakbangin. Iginigiit din ng mga grupong nagsampa ng petisyon sa Korte Suprema laban sa batas militar na dapat pa ring gumawa ng malinaw na kaspasyahan ang pinakamataas na hukuman sa usapin ng paglabag sa konstitusyon para hindi na maulit ang kamalian. Sinundan pa ito ng

pagsasampa ng mga kasong kriminal laban sa anim na namumunong myembro ng Cabinet Cluster E dahil sa naging susing papel at buktot na konduktanila sa pagpapataw ng batas militar sa Maguindanao. Ang Cabinet Cluster E ay grupo sa gabinete ni Arroyo na tumututok sa mga usaping pansuguridad.

Ang lahat ng mga bumabatikos at nagsampa ng kaso laban sa proklamasyon ay tumukoy sa kawalang batayan ng "napi pintong rebelyon" na siyang ikinatwiran sa pagpapataw ng batas militar sa Maguindanao. Kinwestyon ng lahat ang pagkakaso ng rebelyon sa *warlord* na angkang Ampatuan at sa pribadong

hukbo nitong inarmasan, pinondonhan, pinalakas at inilarga ng rehimeng Arroyo laban sa oposisyon at tunay na mga rebelde. Malakas din ang pagdududa na kung igigiit ang kasong rebelyon ay mapahihina ang kasong *multiple murder* (maramihang pagpatay) ng mga Ampatuan dahil mapaiilalim lamang ito sa mas magaang kasong rebelyon at maaaring humantong pa sa amnestiya sa hinaharap.

Lalong malakas ang pagdududa na ang pagpataw ng batas militar sa Maguindanao ay panubok lamang para sa mas malawak na pagpapataw ng tahasang paghaharing militar at pagpapasaklaw nito sa buong bansa. Sinubukan na ito ng rehimeng Arroyo noong 2005 at 2006 ngunit hindi ito naibwelo dahil sa lakas ng pagtutol at kahirapang ipatupad ito. Ngunit sa desperasyong makapangunyapit sa power si Arroyo makaraan ang pagtatapos ng kasalukuyang termino niya sa Hunyo 2010, kabilang sa mga opsyon niya ang pagpapataw ng tahasang batas militar at pagpatuloy ng kanyang paghahari sa pamamagitan ng isang "gubyernong pantransisyon."

Ilang ulit nang nagpauna ng salita tungkol dito ang dating National Security Adviser na si Norberto Gonzales na ngayo'y nasa mas estratehikong pusisyon para ipatupad ito bilang Defense Secretary. Lalong lumalaki para sa naghaharing pangkatin ang dahilan para ipatupad ang ganitong pakana sa harap ng napakaliit nang posibilidad na manalo ang partido at mga kandidato ni Arroyo para sa presidente at iba pang pambansang pusisyon—kahit na gumamit pa sila ng sukdulang pandaraya. Lalo ring lumalaki ang posibilidad ng pagpapakana ng "kabiguan ng eleksyon" bunga ng nakikini-kinitang gulo sa



pagpapatupad ng *poll automation* (de-kompyuter na botohan at bilangan).

Naglantad din ang mga anti-Arroyong grupong militar ng mas detalyadong impormasyon tungkol sa ultimong layunin ng naghaharing rehimeng magdeklara ng batas militar sa buong bansa. Ayon sa Young Officers' Union/Young Organizers' Union (YOU), ang planong magdeklara ng batas militar sa buong bansa ay bahagi ng "OPLAN Alpha" na binuo makaraang ilunsad ang kandidatura ni Defense Secretary Gilbert Teodoro sa pagkapresidente. Ayon umano sa oplan na ito, ang pagpapataw ng batas militar sa buong bansa ay gaganapin ngayong Disyembre o sa Enero 2010, at susundan ng suspensyon ng halalan sa Mayo 2010 at pagpapalawig nang dalawa pang taon sa paghahari ni Arroyo bilang "presidenteng pantransisyon." Nagkukumahog umano ngayon si Defense Secretary Norberto Gonzales sa pagpapatupad ng plano at pagkuha ng suporta para sa pakanang ito.

Bahagi ng pakana ang paglikha ng kaguluhan sa Metro Manila, na iuugnay sa kaguluhan sa Mindanao at ibibintang sa mga progresibong pwersa at iba pang itinuturing na kaaway ng estado. Matapos ito ay aarestuhin ang mga pwersa ng Kaliwa at mga anti-Arroyong elemento ng AFP at PNP.

Samantala, di naiibsan ang tindi ng poot ng mamamayan sa mga pinuno ng angkang Ampatuan at sa mahigpit nitong alyado sa Malacañang. Sinalubong ng matinding galit at batikos ng mga mamamahayag at iba pang nagpoprotesta ang mismong namuno sa masaker na si Mayor Andal Ampatuan Jr. nang ilabas siya sa kulungan para iharap sa korte.

Kaugnay nito, naglunsad ng

Pag-aresto, pagtortyur at pananakot

Limang Dumagat ang tinortyur ng militar. Walong raliyista ang hinuli sa Calamba. At patuloy ang hatid na takot ng miliar sa mga residente ng Naga City.

Disyembre 11. Walong kasapi ng BAYAN-Southern Tagalog ang inaresto ng mga pulis at ikinulong sa istayon ng pulisya sa Calamba City. Dinampot sila matapos maglunsad ng isang raling iglap nang dumalaw sa lugar si Gloria Arroyo. Ang mga biktima ay sina Bujs de la Cruz, Adrienne Ng, Freddie Bernal, Riza Adiaton, Rechel Tanteo, Jose Gloria, Aly Naredo at Efraim Ponce. Ang mga inaresto ay may dalang mga plakard na may mga mensaheng "Never Again to Martial Law" at "Pahirap sa Masa, Pataliskin si Gloria."

Disyembre 1. Limang kasapi ng tribong Dumagat ang dinampot at tinortyur ng mga sundalo ng 48th IB sa Barangay Makulapa, San Luis, Aurora. Ang mga biktima sina Roland Corpuz, Junjun Acleto, Ricky Torres, Lolit Agbayani at Edwin Buryo ay dinampot ng militar, sinipa at binugbog dahil inaakusahan silang mga kasapi ng BHB. Tatlong araw silang ikinulong sa kampo ng militar bago pinalaya.

Disyembre 2009. Hinarang ng mga elemento ng Task Force Liwanag (TFL) ng Philippine Army sina Evangeline Oliva, 14 at ang kasama niyang lalaking menor-de-edad din sa Balatas, Naga City. Kinuha ng unipormadong mga militar ang mga pangalan ng dalawa at kinunan din sila ng larawan. Inakusahan ng militar ang dalawa at kanilang mga pamilya na tagasuporta ng BHB. Dahil dito, nagpetisyon kay Mayor Jesse Robredo ng Naga City ang Alyansang Laban sa Urban Militarisasyon asin Abuso sa Naga para paalisin ang TFL sa Barangay Balatas. Ibinigay na mga dahilan ng petisyon ang pananakot ng militar sa mga residente ng Balatas at ang tuluy-tuloy na mga pagnanakaw sa barangay. Tumanggi ang lokal ng gubyerno na paalisin ang militar sa barangay.

AB

mga kilos-protesta ang mga kagawad ng midya sa buong bansa noong Disyembre 10 para ijiit ang kagyt na paghinto sa pamamaslang ng mga mamamahayag. Ang mga pagkilos ay inilunsad kaugnay ng paggunita sa buong mundo ng "Global Day of Solidarity against the Maguindanao Massacre" na pinangunahan ng International Federation of Journalists.

Nagkaroon ng mga rali sa Angeles City nang bumisita si Gloria Arroyo doon. Nagkaroon din ng mga pagkilos sa Bacolod City at Bulaican.

Sa Maguindanao, ilang kagawad

ng midya ang nagtirik ng 30 kandila sa lugar mismo na pinangyarihan ng masaker na kumitil sa buhay ng 30 mamamahayag. Nag-alay din sila ng 30 puting rosas para sa mga biktima tagamidya.

Sa Western Mindanao, ang mga istasyon ng radyo sa mga syudad ng Ozamiz, Tangub at Pagadian ay nagsahimpapawid ng emosyunal na panawagan ng National Union of Journalists of the Philippines na humihingi ng suporta sa publiko para sa proteksyon ng mga kagawad ng midya. Sinusundan ito ng isang minutong pananahimik tuwing tanghali.

AB



Libo-libong mamamayan, nagrali

Libuo-libong mamamayan sa loob at labas ng bansa ang naglunsad ng liba't ibang anyo ng protesta sa pagdeklara ng batas militar sa Maguindanao noong Disyembre 4 hanggang 10 bilang bahagi ng paggunita ng International Human Rights Day. Iginiit nila ang hustisya para sa mga biktima ng masaker at pagwawakas ng batas militar sa Maguindanao.

Noong Disyembre 4, may 4,000 mamamayan mula sa iba't ibang bahagi ng Southern Mindanao ang nagrali sa Freedom Park ng syudad ng Davao. Pinamunuan ito ng BAYAN-Southern Mindanao at dinaluhan ng mga magsasaka, kababaihan, mangingisda, maralita ng lunsod, manggagawa, propesyunal at mga abugado. Sumama rin ang mga myembro ng National Union of Journalists of the Philippines.

Sa Cebu City, mahigit 100 mamamayan ang naglunsad ng mar-

tsa-rali mula sa Fuente Osmeña patungong sentro ng syudad ng Cebu noong Disyembre 10 sa pamumuno ng KARAPATAN at BAYAN-Central Visayas. Ipinarada ng mga raliyista ang imahen nina Arroyo, Norberto Gonzales at Jovito Palparan bilang mga "nangungunang lumalabag sa karapatang-tao". Sa Iloilo City, isang *caravan* ang umikot sa lunsod noong Disyembre 9 bilang pagtatapos ng serye ng kilos protestang nagsimula pa noong Nobyembre 26 bunsod ng masaker sa Maguinda-

nao at pagpataw ng batas militar doon.

Samantala, sa labas ng bansa, naglunsad din ng mga aksyong protesta ang mga militanteng grupo sa Hongkong noong Disyembre 10. Nagpiket sa harap ng Philippine Consulate ang mga manggagawa na kasapi ng United Filipinos in Hongkong at GABRIELA-HK.

Kaugnay nito, nagpahayag ng pagkabahala ang mga kasaping Muslim ng Migrante-Middle East sa Saudi Arabia. Anila, kung hindi makapagbibigay ng hustisya ang rehimeng Arroyo sa mga biktima ng masaker ay wala rin itong moral na awtoridad na humiling ng amnestiya para sa 3,000 nakabilanggo na mga migranteng Pilipinong manggagawa sa Middle East. **AB**

Nakaw na yaman ng pamilyang Ampatuan

Hindi lamang mga mamamatay-tao ang pamilya ni Andal Ampatuan, Sr. kundi mga mandarambong na nagpapakasasa sa nakaw na yaman mula sa pondo ng gubyerno.

Sa isinumite nitong report ng kabuuang kita noong 2002, umaabot lamang umano sa ₱11 milyon ang kayamanan ng pamilya.

Ngunit sa dami pa lamang ng mga mansyon ng mga Ampatuan ay malayung-malayo ang idineklara nilang ₱11 milyon sa totoong kayamanan nila. Mayroon silang apat na mansyon sa Shariff Aguak; lima sa Cotabato City; tatlo sa Tacurong, Sultan Kudarat; siyam sa Davao City; dalawa sa Koronadal City sa South Cotabato; isa sa Cavite; isa sa Dasmariñas Village sa Makati City; isa sa San Andres Bukid sa Maynila; isa sa Barangay Palanan sa Makati City; at isa pa sa Tandang

Sora, Quezon City. Nakapangalan sa iba't ibang kamag-anak ang mga bahay na ito na nagkakahalaga ng daan-daang milyong piso. Halos lahat ng mga bahay ay may malalaking kaha de yero na pinaglalagakan ng mga armas at salapi. Tinitayang umaabot sa mahigit ₢3 bilyon ang salaping itinatago ng mga Ampatuan.

Nagmamay-ari rin ang pamilyang Ampatuan ng maraming mahaling sasakyen. Sa bahay pa lamang ni Andal Ampatuan Sr. sa Shariff Aguak, mayroon nang natuklasang isang Hummer, isang Toyota Land Cruiser, isang Chevrolet Suburban, isang GMC luxury

truck, dalawang Toyota Hilux *pick-up truck*, isang Ford F-150, isang Isuzu D-Max, at isang Toyota Hi-Ace *van*, at dalawang *military truck* na nakatago sa isang lumang kural ng mga kabayo sa *compound*. Ang mga sasakyen pa lamang na ito ay tinatayang nagkakahalaga na ng ₢26 milyong piso. Napasakamay din ng mga Ampatuan ang maraming malalakas na armas, mga *rocket* at maraming mga bala na kaya ng armasan ang isang brigadang tropa at makapagpasabog ng buong Maguindanao.

Ang ganito kalaking kayamanan ay hinding-hindi maiipon ng mga Ampatuan sa pamamagitan lamang ng mga sahod nila bilang mga upisyal ng gubyerno.

Habang nabubuhay na parang mga hari ang mga Ampatuan, kalunus-lunos naman ang kalagayan ng karaniwang mamamayan ng Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM), laluna ng Maguindanao.

danao.

Nasa ARMM ang pinakamahihi-rap na mga prubinsya sa buong bansa. Ito'y sa kabilang ng Internal Revenue Allotment (IRA) ng ARMM na umaabot sa ₱10 bilyon taun-taon.

Gayunpaman, 30% ng mamayang ARMM ang kumikita ng ₱50 lamang bawat araw. Dahil sa kahirapan, umaabot lamang sa 52 taon ang abereyds na buhay ng mamayang ARMM (kumpara sa pambansang abereyds na 71.6 taon). Limampu't lima sa bawat 1,000 sanggol ang namamatay bago sila umabot ng isang taon (kumpara sa pambansang abereyds na 49). Sa mga batang namamatay nang wala pang limang taong gulang, 57% ay namamatay dahil lamang sa pagtatae, bagay na mada-li sanang iwasan at gamutin.

Dalawampu't anim na porsyento (26%) lamang ng mga batang dapat nag-aaral ang nakakapasok sa elementarya (kumpara sa pambansang abereyds na 49%). Sa mga batang nakakapasok sa Grade 1,

hanggang 37% lamang ang nakaka-abot sa Grade 6 (kumpara sa pambansang tantos na 66%). Ito'y dahil umaabot lamang sa ₱100 bawat estudyante ang ginagastos ng ARMM para sa edukasyon, na siyang pinakamababa sa buong bansa.

Walang malinaw na pagtuos sa pinupuntahan ng pondo ng ARMM dahil palaging pinagbabantaan ng mga Ampatuan ang sinumang gagawa ng awdit nito. Nitong Disyembre, kinwestyon din ni Sen. Aquilino Pimentel ang kinahinatnan ng ₱1.7 bilyong pondong para dapat sa repermang agraryo na ipinasa sa ARMM nitong unang pitong buwan ng 2009. Bukod sa walang akawnting ang naturang pondo, ani Pimentel, hindi dapat binigyan nito ang ARMM dahil hindi saklaw ng CARP ang rehiyon.

Palaki naman nang palaki ang IRA na natatanggap ng Maguindanao, na direktang pinaghaharian ng mga Ampatuan. Mula ₱555 milyon noong 2005, naging ₱633 milyon ito noong 2006 at ₱1.080 bilyon na sa kasalukuyan. Bukod pa ito sa ₱1.731 bilyon para sa mga munisipalidad at ₱616.57 milyon para sa mga barangay, o ₱3.428 bilyon sa kabuuuan.

Pero umaabot lamang sa 2.9% ng badyet ng Maguindanao ang inilalaan sa mga serbisyon panlipunan tulad ng kalusugan at edukasyon. Kaya naman 32.9% lamang ng mga bata ang nakakatapos ng elementarya. Umaabot lamang sa 66.27%

ang tantos ng literasiya sa prubinsya (samantalang 92.3% ang pambansang tantos). Sa sobrang baba ng prayoridad ng edukasyon sa Maguindanao sa ilalim ng mga Ampatuan, walang inilaang kahit isang kusing sa badyet ng prubinsya para sa konstruksyon ng mga bagong paaralan mula noong 2001, kahit ito ang prubinsyang may pinakamababang bilang ng mga siladaralan kumpara sa bilang ng mga istudyante (*classroom-pupil ratio*) sa buong bansa.

Sa kabilang banda, daan-daang milyon ang siningil na komisyon ng mga Ampatuan sa konstruksyon ng bagong kapitolyo at *sports complex* sa Shariff Aguak, kabisera ng prubinsya.


Samantala, mula sa 55% ng badyet ng Maguindanao na nakalan sa sweldo ng mga empleyado ng prubinsya, ang mas malaking bahagi ay napupunta sa pagmamantine ng malaking pribadong hukbong ng mga Ampatuan. Malaki-laki rin ang nanggagaling sa pondo ng mga munisipyo.

Ayon sa National Statistics Coordinating Board (NSCB), ang Maguindanao ang pangatlong pinakamahirap na prubinsya sa buong bansa noong 2006. Lumala ang kagalayan ng prubinsya sa ilalim ng matagal nang paghahari ng mga Ampatuan. Ayon sa NSCB, 62% na ngayon ng populasyon ng Maguindanao ang naghihikahos, kumpara sa 41.6% noong 1997.

Ang lahat ng ito'y dahil sa pagpapakasa ng mga Ampatuan sa Internal Revenue Allotment ng ARMM at ng Maguindanao, na malaon nang inilaan sa kanila ng Malacañang para magamit nilang personal na "pork barrel."

Isa lamang ang mga Ampatuan sa mga kasapakat ng rehimeng Arroyo na nagpapakasa sa kaban ng bayan, kasabay ng amo nito sa Malacañang.

AB



Kalbaryo ng mga magniniyog at mag-aabaka sa Eastern Visayas

Matinding gutom ang nararanasan ng halos dalawang milyong magsasaka at iba pang nabubuhay sa niyog at abaka sa rehiyon ng Eastern Visayas bunga ng pandaigdigang krisis sa ekonomya.

Mula noong Enero, bumagsak ang presyo ng kopra at patuloy na nakapako ito sa ₱15-18 bawat kilo mula sa dating ₱45 bawat kilo noong 2008. Sumadsad naman ang presyo ng abaka sa ₱10 bawat kilo noong Marso, ibayong mas mababa na sa gastos sa produksyon nito. Kahit tumaas na ang presyo nito sa ₱27 bawat kilo ngayon ay malayo pa ito sa dating presyo na ₱70 bawat kilo noong 2008.

Epekto ito ng pagbagsak ng pandaigdigang demand sa niyog at abaka bunga ng maramihang pag-sasara ng mga empresa at paghina ng konsumo sa mga abanteng kapitalistang bansa. Ang rehiyon ang pangatlong pinakamalaking prodyuser ng niyog sa Pilipinas at 80% nito ay inieeksport sa ibayong dagat. Nangunguna namang prodyuser ng abaka ang Eastern Visayas, at ikatlong bahagi ng pandaigdigang *demand* sa abaka ay nagmumula rito.

May 1.7 milyong mamamayan sa rehiyon ngayong nabubuhay sa pagtatanim at bahagyang pagproseso ng niyog, kasama na ang 365,000 magsasaka na walang sariling lupa. Umaabot naman sa 10,000 magsasaka sa isla ng Leyte ang pangunahing umaasa sa abaka. Tinatayang mas marami pa rito ang mga mag-aabaka sa isla ng Samar.

Lubhang bulnerable sa pandaigdigang krisis ang masang magsasaka sa rehiyon dahil malaking bahagi ng produksyon agrikultural dito ay nakatuon sa eksport. Nitong nakaraang tat-

long dekada, papalaking bahagi ng lupain ang tinatamnan ng produktong pang-eksport (tulad ng niyog) sa kapinsalaan ng produksyon ng palay at iba pang pagkain.

Noong 1985-2002, bumagsak nang 22% ang laki ng lupaing agrikultural mula 927,000 tungong 723,000. Lumiiit nang halos 65% (o mahigit 300,000 ektarya) ang lupaing nakalaan sa produksyon ng palay, habang nadagdagan nang 18% (mahigit 60,000 o 56%) ang inilaan sa pagtatanim ng niyog. Sa Northern Samar, Eastern Samar at Southern Leyte, umaabot sa halos 70% ng lupaing agrikultural ang tinatamnan ng niyog.

Sa pagbagsak ng pandaigdigang produksyon, kumitid ang pamilihan para sa kopra at abaka. Pininalala pa ito ng mataas na gastos sa lokal na produksyon dulot ng atrasadong sistema sa produksyon. Malaking bahagi ng pagpoproseso nito ay de mano o gumagamit ng mga atrasadong kagamitan.

Lalong kumitid ang pandaigdigang pamilihan para sa kopra at abaka sa harap ng kumpeti-



syon ng mas murang produktong langis mula sa palmera, soybean, sunflower at rapeseed mula sa ibang bansa.

Kapabayaan ng gubyerno. Sa kabilang matinding kahirapang dinaranas ng masang magsasaka sa niyog at abaka, patuloy silang pinababayaan ng gubyerno. Kakarappot na nga ang pondong pansuporta na inilalaan, kalakhan pa nito'y napupunta sa bulsa ng malaking upisyal ng gubyerno at sa mga buladas sa midya.

Noong 2008, mahigit 14 na milyong puno ng niyog na nagkakahalaga ng ₱400 milyon ang nawasak ng mga bagyong sumalanta. Sa kabilang nito, walang nakuhang signipikanteng ayuda ang mga magsasaka mula sa reaksyunaryong gubyerno.

Naging inutil din ang mga ahensya ng gubyerno sa pagsugpo sa pesteng brontispa na nagsimulang manalanta sa rehiyon noong 2006 at ngayo'y sumisira sa mga niyog sa 25 bayan sa rehiyon.

Wala ring nagawa ang gubyerno sugpuin ang mga sakit ng abaka na nagsimulang manalanta noong 2002. Sa kasalukuyan, bagsak ang kabuhayan ng 7,000 magsasaka dulot ng kumakalat na sakit sa 10,000 ektaryang taniman ng abaka sa isla ng Leyte.

Kawalan ng lupa at pagsasamantala. Wala pa man ang

pandaigdigang krisis sa ekonomya, ang kalakhan ng mga magsasaka sa niyog at abaka ay biktima na ng pagsasamantala ng mga panginoong mayluna

pa at komersyante dahil sa malaon nang problema sa kawalan

ng lupa.

Laganap ang sistemang partihan sa niyugan at abaka. Ang pangkaraniwan ay partihang hati (50-50) hanggang apatan (75-25) pabor sa panginoong maylupa. Mähigpit na kaakibat nito ang iba pang porma ng pagsasamantala gaya ng usura, pambabarat sa presyo ng produkto, sobrang patong sa presyo ng mga batayang bilihin at pagdaya sa timbang at pagkventa—dahil kadalasan ang mga panginoong maylupa rin ang mga komersyante sa kopra, abaka at mga bilihin. Kung kukwentahanin, umabot lamang sa ₱30-50 ang arawang netong kita ng karaniwang magniniyog at mag-aabaka.

Papunta sa mas malalim na krisis. Magtatagal ang kalbaryo ng mga magsasaka at iba pang umaasa sa niyog at abaka dahil magtatagal at lalo pang lalalim ang pandaigdigang krisis pang-ekonomya. Samantala, walang signipikante at mabilisang ayudang naaasahan ang mamamayan mula sa reaksyunar-

yong gubyerno. Panay hangin at buladas ang laman ng programa sa “pagpapasigla sa ekonomya” at “pagpapahupa sa krisis” ng rehimeng Arroyo.

Walang saysay ang inihaharap ng rehimeng Arroyo na mga “solusyon” sa krisis sa agrikultura ng niyog at abaka, gaya ng pag-eksport ng mga alternatibong produkto ng niyog, tulad ng *biodiesel*, tuba, *virgin coconut oil*, at mga “mas maunlad” na klase ng abaka, tulad ng *high grade* na hibla ng abaka at *hybrid* na abaka. Gayundin, walang saysay ang panawagan ng rehimeng Arroyo na bumaling sa iba pang alternatibong pananim na siya naman ngayong binibigyang-prayoridad ng rehimeng para sa rehiyon, tulad ng *yellow corn* at *jatropa*.

Problema ng mga magsasaka ang pagprodus ng mga bagong produkto dahil baon sila sa utang at wala silang maipupuhunan para sa mga bagong kagamitan at mas mahal na mga sangkap. Kontrolado

ng mga panginoong maylupa ang lupa, kaya mahirap na basta na lamang bumaling sa ibang pananim. Kontrolado naman ng mga komersyante ang pamilihan na bagsak ngayon at sadsad ang mga presyo.

Lalong naglalagay pa ang mga ito ng pangunahing pag-asa sa pag-eksport at pagsusuplay sa mga pangangailangan ng mga dayuhang negosyo at hindi sa pangangailangan ng mamamayan at ng pambansang ekonomya.

Dahil sa bagsak na lokal at pandaigdigang pamilihan sa abaka at kopra, tinututukan ngayon ng rebolusyonaryong kilusan ang kampanya sa pagpapataas ng produksyon ng mga magsasaka ng iba pang mas kagyt na mapakikinabangang mga pananim. Dagdag sa palay at mais, ikinakampanya ng mga rebolusyonaryong organisasyon masa sa lokalidad ang pagtatanim ng halamang ugat at gulay para kahit papano ay may makakain ang mga magsasaka at hindi magugutom ang kanilang mga pamilya. **AB**

Climate Change Conference sa Denmark, walang ibinuga

Natapos ang 2009 United Nations Climate Change Conference nang wlang signipikanteng natamo para maibsan ang pagtaas ng temperatura ng mundo dulot ng sobra-sobrang polusyon at paninira sa kalikasan.

Ang kumperensya, na ginanap sa Copenhagen, Denmark noong Disyembre 7-18 ay nagluwal ng “Copenhagen Accord,” isang kasunduang kumikilala umano sa kahalagahan ng paglimita sa pagtaas ng temperatura ng daigdig. Pero bale-wala ang kasunduan dahil hindi nito inoobliga ang anumang bansa na magbawas ng ibinubuga nitong *carbon dioxide*. Ni wala ngang itinakdang target para rito.

Ang malawakang pagbubuga ng *carbon dioxide* sa himpapawid ang pinakamalaking dahilan ng lumalalang pag-init ng mundo,

pagbabago ng klima at pagdalas ng mga sakuna.

Sadyang pinangunahan ng US ang pagbubuo ng inutil na Copenhagen Accord dahil ayaw nitong matali ang malalaking korporasyon ng US sa anumang kasunduang mangangahuligan ng karagdagang gastos dahil sa mga pagbabagong kailangang gawin sa mga makina nila. Ang dagdag na gastos ay magtatali sa kanilang kapital at babawas nang malaki sa kanilang mga supertubo.

Hindi na rin nakakapagtaka ang aktitud ng US, dahil hanggang

ngayon ay hindi pa rin nito niraratiika ang Kyoto Protocol, isang kasunduang binalangkas ng UN noong 1997 na naglalayong kontrolin ang pagbubuga ng mga gas tulad ng *carbon dioxide*.

Sinabayán ito ng malawakan at malakihang mga protestang pagkilos. Umabot sa 100,000 katao ang nagmartsa noong Disyembre 12 sa Copenhagen para iigit ang pagbubuo ng epektibong kasunduan hinggil sa pagbabago ng klima. Halos 1,000 ang inaresto ng mga pulis. Isang alternatibong kumperensya, ang Klimaforum, ang idinaos ng umaabot sa 50,000 katao kasa-bay ng kumperensya ng UN.

Sa London, 20,000 katao ang nagmartsa isang linggo bago ganapin ang kumperensya. Umabot naman sa 50,000 katao ang nagmartsa sa iba’t ibang lugar sa Australia. **AB**



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxism-Leninism-Maoism

Taon XL Blg. 24

Disyembre 21, 2009

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Bigo ang Oplan Bantay Laya

Bigo ang Oplan Bantay Laya. Ito ang deklarasyon ng buong rebolusyonaryong kilusan batay sa mga pagtatasa at ulat ng mga namumunong organo ng Partido at kumand ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang rehiyon sa bansa.


Nasa mundo ng pantasya ang mga pinunong militar at panseguridad ng rehimeng US-Arroyo sa paniniwalang nagtagumpay sila sa mga layuning durugin ang rebolusyonaryo Pilipino sa pamamagitan ng Oplan Bantay Laya (OBL). Hindi lamang nananatiling buhay at matatag ang rebolusyonaryong kilusan, patuloy pa itong lumakas at lahatang-panig na sumulong. Lumaki ang bilang ng mga yunit ng BHB. Patuloy na dumami ang mga Pulang mandirigma at ang kanilang mga sandata. Nadagdagan ang bilang ng mga larangang gerilya. Langkong lumalim at lumawak ang baseng masa. Tuluy-tuloy na kumakalat ang Pulang kapangyarihan sa buong bansa.

Nagdulot ang OBL ng walang kaparis na kapinsalaan, paghihirap at pagdurusia sa mamayan. Parangunahing tinarget ng duwag na kampanyang ito ang mga sibilyang aktibista, mga pinagsususpectsahang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan at mga kaaway sa pulitika

ng rehimeng. Gayunman, nagtagumpay lamang ang OBL sa pagpapaalab ng galit ng bayan at pagkamuhi nila sa rehimeng. Pinanday lamang nito ang kanilang lakas at determinasyong kumilos at lumaban. Sa halip na ilayo, lalong inilapit ng OBL ang masa sa rebolusyon.

Kahindik-hindik ang mga krimen ng rehimeng US-Arroyo sa pagsasakutuparan ng OBL laban sa mamayan. Dinaig nito ang 14-taong lantaran paghaharing militar ng diktadurang Marcos sa dami at lupit ng mga paglabag sa karapatang-tao. Mariing kinundena ang rehimeng US-Arroyo sa loob at labas ng bansa. Nagkaisa ang mga pwersang progresibo at demokratiko, ang mga taong-simbahan, tagapagtugoy ng kapatang-tao, iba't ibang sektor at karaniwang mamayan laban sa terorismo ng rehimeng. Walang habas pa ring ipinagpapatuloy ng rehimeng US-Arroyo ang planong ito.

Tinamaan ang ilang larangang gerilya ng matinding hambalos ng OBL. Subalit mabilis ding nakaangkop ang mga rebolusyonaryong pwersa at masa. Masusing pinag-aralan ang kilos ng kaaway at inangkupan ang pagbabago ng sitwasyon. Pinahigpit ang pagkakaisa ng hukbo at masa. Sa maraming lugar, hindi nakabwelo at tuluyang nabigo ang mga operasyon ng AFP matapos ito maagap, mapangahas at puspusang nilabanan ng rebolu-



Mga tampok sa isyung ito...

Matitingkad na taktikal na opensiba ng 2009
PAHINA 3

Makata'y mandirigma at UAve
PAHINA 7

Kalbaryo ng mga magsasaka sa E. Visayas
PAHINA 13

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-*print* sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-*print*
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa angbayan@yahoo.com